# Pagdiriwang ng mga Tagumpay

1. Inspirasyon

Ang pagdiriwang ng pagkapanalo ay nagpapaalala sa atin ng mga layuning ating inilagay at kung bakit natin itinatakda ang mga ito sa simula pa lang. Madaling makalimutan kung bakit mahalaga ang layunin, pero ang paglimot sa bagay na iyon ay nag-aalis sa lahat ng kahulugan ng gawain. Kapag tinatandaan natin kung bakit nakakatulong ang trabahong ginagawa natin na ikonekta ang mga bata kay Hesukristo, nagkakaroon tayo ng inspirasyon para magsikap nang higit pa.

2. Pagtuon sa puso

Maaaring makatulong sa atin ang pagdiriwang ng pagkapanalo na tumuon sa mga pagbabago ng puso na hinahanap natin. Magtatakda tayo ng layunin, lilikha ng mga istratehiya para makamit ito at maabot ang resulta na gusto natin. Habang pinagdiriwang natin ang mga resultang iyon, magiging mas madali tayong tutuon sa pagbabago ng puso, at hindi maaakit patungo sa mga makamundong bagay.

3. Pagpapahalaga

Pinapanatili ng pagdiriwang ng pagkapanalo ang buo nating pangkat na may motibasyong magpatuloy sa paggawa ng mabubuting gawa. Ang mga volunteer na nakakaramdam ng pagpapahalaga at batid na ang kanilang mga pagsisikap ay napapansin, ay nagiging mas produktibo sa susunod na proyekto ng simbahan o aktibidad. Lahat tayo ay maaaring makilahok sa pagpaparamdam ng pagpapahalaga sa bawat isa.

4. Pagkakaisa

Pinagkakaisa ang pangkat natin ng pagdiriwang ng pagkapanalo sa paligid ng positibong resulta. Kung may mga miyembro ng ating pangkat na nahihirapang makisama, ang pagpapaalala sa ating mga sarili na nagkamit tayo ng isang pangkalahatang layunin ay makakatulong na pagkaisahin tayo nang magkakasama.

5. Tagumpay

Ang pagdiriwang ng mga pagkapanalo ay nagpapaalala sa ating pangkat na nagsisilbi tayo sa isang matagumpay na ministeryo. Gusto ng mga tao na maging isang parte ng matatagumpay na ministeryo! Kaya, isa sa pinakamagandang tagapagtaguyod ng moral na maaari nating ialok sa isa't isa ay ang kaalaman na nagsisilbi tayo sa isang matagumpay na ministeryo, kahit na – at lalo na kung – may ibang mga lugar kung saan ang ating simbahan ay maaaring nahihirapan.

6. Momentum

Ang pagdiriwang ng mga pagkapanalo ay nagtataguyod ng momentum para sa pangkat. Kapag ang tagumpay ay ipinagdiwang, ang lahat ay pinaaalalahanan na ang kanilang kakayahan na umabot ng isang partikular na layunin ay nagpapakita kung gaano na sila kalapit sa pagkamit ng mas malaki pang mga layunin.

7. Positibong Pag-uugali

Pinupuwersa tayo ng pagdiriwang ng mga pagkapanalo para tumuon sa positibo imbis na sa negatibo. Kahit na tumanggap ang simbahan mo ng ilang dagok sa paibabang ekonomiya, may mga panalo parin na maaari mong ipagdiwang. Bigyang boost ang pangkat mo sa pamamagitan ng pagdiriwang at pagpapaalala sa kanila na magagandang bagay parin ang nangyayari para sa Panginoon.

8. Pagkakaibigan

Ang pagdiriwang kasama ng ating mga pangkat ay bumubuo ng pagkakaibigan sa mga miyembro ng pangkat natin. Pinahihintulutan tayo nitong kumonekta sa mga kapatid na lalaki't babae sa isang paraan na hindi lamang nauugnay sa ministeryo. Nakakatulong itong bumuo ng isang mas personal na koneksyon sa ating pangkat.

9. Pagtibayin ang mga pag-uugali

Nagpapahintulot ang pagdiriwang ng mga pagkapanalo ng partikular na mga gantimpala sa mga kapatid na lalaki't babae para sa espesyal na tagumpay. Kung malinaw sa atin ang tungkol sa kung anong tumakbong mahusay – sabihin na nating mga pangalan, petsa, malalaking ideya at deadline na napunan o nalampasan pa – hindi lamang natin ginagawang lehitimo ang selebrasyon, kundi pinagtitibay rin ang mga uri ng pag-uugali na pinahahalagahan natin. Pinakikita nito sa buong pangkat nang eksakto kung paano nila makukuha ang parehong mga pagdiriwang sa hinaharap.

10. Labanan ang inip

Tinutulungan tayo ng pagdiriwang ng mga pagkapanalo na alisin ang ating utak mula sa mga nakakainip na gawain tulad ng pagpapalit ng mga diaper o paghahanda ng ating ika-231 aralin. Kahit na gaano kabilis, ang pagbabago sa kaisipan ng ating pangkat mula sa "nakakainip na trabaho" patungo sa "pagdiriwang" ay nagbibigay sa buong pangkat ng bago't positibong pokus.

**Isang napakahusay na paraan ang pagdiriwang ng mga pagkapanalo para panatilihin ang pangkat mo na may motibasyon at manatiling nakatuon sa mga bagay na talagang mahalaga.**